



NPO FILIPINO NAGKAISA

3-52-23 Harcom Bldg 2F Sanarudai, Naka-ward, Hamamatsu
TEL(Japanese)/090-9175-8380 TEL(Tagalog)/080-4308-8380
E-Mail : filipinonagkaisa@yahoo.co.jp
URL : <http://filipinonagkaisa.sitemix.jp/>

Ang Career Guidebook na ito ay maaaring i-download sa homepage.



Plano para sa Kinabukasan ng Kabataan

CAREER GUIDEBOOK




Strategic Planning and Public Relations Department Regional Diplomacy Bureau, Multicultural Affairs Division Shizuoka Prefectural Government

9-6 Ohtemachi, Aoi-ku, Shizuoka-city, 420-8601
TEL/054-221-3316,3310 FAX/054-221-2542
E-Mail:tabunka@pref.shizuoka.lg.jp

Flowchart ng Pagpasok sa High School

[Saan ba dapat magtanong ukol sa pagpasok sa High School?! Tingnan ang chart na ito!!]



Para sa Magulang na Dadalhin ang Anak dito na Edad 15!

- POINT!!**
- ① Ang grade level sa Japan ay nakatakda ayon sa edad ng bata. Walang bumabagsak o umuulit ng grade level. Ang simula ng pasukan ay April at nagtatapos nang March. Ang panahon na ito ay tinatawag na nendo (schoolyear).
 - ② Tatlong taon ang Jr High School sa Japan.
 - ③ Upang makapasok sa High School sa Japan, kailangang nagtapos ng 6 taon sa elementary at nakatapos hanggang 3rd year High School sa Pilipinas (Nakatapos nang hindi bababa sa 9 taon na pag-aaral).
 - ④ Kailangang makapasa ng entrance examination upang makapasok sa High School.

Ex. Kung ang bata na dinala sa Japan ay nasa edad 15yrs old.

Kung ang bata ay tutuntong sa edad 16yrs old alinman sa panahon mula sa kasalukuyang taon ng April hanggang sa susunod na taon ng Marso, ay hindi na maaring pumasok sa Jr High School. Kung ang bata ay edad 15yrs old sa alinman sa mga panahon ng kasalukuyang taon ng April hanggang susunod na taon ng Marso, ay agad na makapasok nang 3rd year Jr High School ayon sa tuntunin. Tatlong taon ang Jr High School sa Japan, kung kaya't agad na magtatapos ang bata sa taong iyon. 95 porsyento ng mga nagtapos ng Jr High School ay pumapasok ng High School.

Career Guide

GOAL 1

Maaaring pumasok sa elementary o Jr High School sa Japan.



Kumonsulta sa Department of Education.

Makipag-ugnayan sa Ministry of Education sa inyong lugar ukol sa pagpasok ng bata sa paaralan. Kung hindi alam ang lugar, alamin sa City hall.



Mr. Tedison Suzuki

School: Shizuoka Prefecture Public High School
Age: 17yrs old

Siya ay dumating noong 13yrs old at nakapasok agad sa Jr High School sa Japan. Noong Jr High School, kabilang siya sa Basketball Team at naging captain ball noong nasa 3rd year. Natanggap siya sa paaralan sa pamamagitan ng **Gakkou Sairyuu Waku**(※). Siya ay kasalukuyag 2nd year High School.

Mayroon ka bang pinagsikapan para makapasok sa High School kahit na nakatanggap ka ng Gakkou sairyuu waku ?

Mahalaga na hindi lumiban sa school at bukatsu, Sumunod sa mga patakaran . Hilig ko ang basketball kung kaya't masaya akong naglalaro. Noong nasa 3rd year Jr.High School ako , napili akong captain ball ng team at ito ay mahalagang karanasan sa akin. Natuwa ako nang napuna ng paaralan na papasukan ko ang aking pagsisikap.

Kahit mayroong Gakkou sairyuu waku kailangan pa rin ipasa ang exam, kailangang pagsikapan ang pag-aaral ng nihongo at mga subjects. Hindi ako gaanong nahirapan sa pang-araw-araw na pamumuhay dahil nag-aral ako mabuti ng Nihongo, subalit makailang beses akong nagsanay para sa interview sa Nihongo. Ang pag-aaral ng Nihongo ay huwag isiping pinapagawa sayo ito ng pilit ,kundi isipin na lang na masaya ang mag-aral. Gawin na maging masaya ang Pag-aaral at Bukatsu, importante hangang sa huli ay pagbutihan po ito.

● Pagkakaiba sa Taon ng Pag-aaral sa Japan at Pilipinas



※Gakkou Sairyuu Waku



Mensahe mula sa Magulang 1

Magulang:

Mrs. Desiree Matsuyama

(47yrs old) naninirahan sa Fuji City; may-ari ng restaurant

Siya ay 20 taon nang naninirahan sa Japan. May 9 na taon na buhat nang dumating ang mga anak na noon ay 20yrs old, 19yrs old, at 12 yrs old. Ang mga anak na 20 yrs old at 19yrs old ay nagtapos ng 2 years Nihongo course sa isang Language school bago pumasok at nakapagtapos din ng kolehiyo. Sa kasalukuyan, ang mga ito ay nasa tamang edad na at may trabaho. Ang anak na dumating noong ito'y 12yrs old ay pumasok ng Jr High School, pumasok sa Culinary School at ngayo'y isang chef.



Noong mga panahon na kararating pa lamang nila, nagkaroon ba ng problema sa inyong anak na noo'y 12yrs old? Paano mo ito sinuportahan?

Dahil hindi pa siya marunong magsalita ng Nihongo, naging mahirap iyon. Noong nasa Jr High School siya, naisip niya na siya ay napagtutuunan ng pangungutya (bullying) sa school. Pero para sa akin, maaaring ito ay hindi lamang pagkakaunawaan dahil hindi pa sya nakakaintindi ng Nihongo. Kung matututo siya ng Nihongo, mas mapapadali ang kanyang pakikipag-usap. Ipinayo ko na dapat ay maintindihan niya muna kung ano talaga ang sinasabi bago niya isipin na siya ay talagang kinukutya. Para rito, ikinuha namin

siya ng private tutor para sa bahay at gayundin ang support teacher sa school. Humingi kami ng payo mula Fuji International Lounge for Sharing (FILS), at nagpatulong kung paano magkakaroon ng special support teacher ang bata sa loob ng paaralan.

Bakit pinapag-aral mo muna ang mga anak mo na noo'y 19yrs old at 20yrs old sa halip na sila ay magtrabaho?

Naisip ko na kung dito na sila maninirahan sa Japan, mahalaga na sila ay makatapos ng kolehiyo. Sa kasamaang palad, bilang foreigners sa Japan, may limitasyon ang ating kakayahan. Ito ay dahil na rin sa naramdaman ko ang diskriminasyon sa ating mga Filipino rito at nais kong mawala ito.

Mahirap bang magpatapos ng 3 anak sa kolehiyo?

Mahirap kung sa mahirap. Ang pinasukang kolehiyo ng mga anak ko ay itinuro sa amin ng kanilang pinasukang Language school at itinuro rin sa amin kung paano kami makakakuha ng suportang gatusin. Bilang foreigner na mag-aaral, may nakuha silang discount sa annual tuition fee na 40%~50% ang halaga. Mahalaga na malaman natin ang tamang impormasyon sa pag-aaral tulad ng financial assistance.

Ano ang mahalaga sa iyo bilang magulang?

Mahalagang alamin natin kung ano ba ang ating layunin sa buhay. Kailangang magdesisyon

muna tayo kung saan ba talaga tayo maninirahan sa bandang huli. Kung talagang sa Japan na kayo maninirahan, mas makabubuting dito na talaga papag-aralin ang mga bata. Subalit kung sa bandang huli ay sa Pilipinas pa rin maninirahan, para sa akin ay mas mabuting doon na lang sila mag-aral. Mahirap na malayo sa anak, subalit kung talagang iisipin ang kanilang kinabukasan, mas makabubuting magsakripisyo na lamang ng ating naramdaman. Hindi biro ang pagpapaaral kung kaya't ito ay dapat pag-isipan mabuti. Bago ang iba, tayo ang sinusundang halimbawa ng ating mga anak kung kaya't mahalagang ayusin natin ang ating sarili upang maging mabuting halimbawa sa kanila.

GOAL 2

Maaaring pumasok sa High School kung nakumpleto ang 9 taon ng pag-aaral sa ibang bansa. Para sa konsultasyon ng pagpasok:



NPO Filipino Nagkaisa

URL
<http://filipinonagkaisa.sitemix.jp/>
E-Mail
filipinonagkaisa@yahoo.co.jp
TEL (Japanese) 090-9175-8380
TEL (Tagalog) 080-4308-8380

Hamamatsu NPO Network Center

URL
<http://www.n-pocket.jp/>
E-Mail
info@n-pocket.jp
TEL
053-445-3717



Mr. Moriya Masato

School: Shizuoka Prefecture Public High School
Age: 19yrs old

Siya ay ipinanganak sa Manila at dumating sa Japan noong siya ay 4th year High School sa Pilipinas. Noong dumating siya, 3 buwan na lang ang maaaring paghahanda sa pagpasok niya ng High School. Pumasok siya sa Nihongo class sa Hamamatsu City upang mag-aral para sa entrance exam. Nakapasok siya sa High School sa pamamagitan ng **Gaikokujin Seito Senbatsu**(※) at kasalukuyang nasa 3rd year.

Bakit mo naisipang pumasok sa High School sa Japan?

Ipinayo ng tatay ko na narapat na matutunan ko ang salita at kultura ng Pilipinas at Japan. Naisip ko rin na mas maganda ang kinabukasan ko dito.

Anong paghahanda ang ginawa mo para makapasok ng High School?

Sa Gaikokujin Seito Senbatsu, mayroong interview at kailangang magsulat ng essay kung kaya't nag-aral ako mabuti ng pagsasalita at pagsulat ng Nihongo. Noong dumating ako dito, nakakaintindi na ako ng kaunting Nihongo kung kaya't nakayanan kong matuto pa hanggang sa araw ng exam. Nagsikap akong mag-aral nang mabuti sa 3 buwan na paghahanda.

● Pagkakaiba sa Taon ng Pag-aaral sa Japan at Pilipinas



● Gastusin sa Pag-aaral ng High School, University at Vocational School sa Japan.
※ Gaikokujin Seito Senbatsu



GOAL

3

Kung nais magtrabaho, kumonsulta sa Hello Work sa inyong City o sa Shizuoka Job Station.



Hello Work

Ito ang ahensya ng bansa na nagpapakilala ng mapapasukan para sa mga naghahanap ng trabaho. Mayroong 18 opisina sa loob ng Shizuoka Prefecture. Maaaring kumonsulta dito ukol sa employment insurance, vocational training at trabaho.

Shizuoka Job Station

Ito ang ahensya sa loob ng Shizuoka Prefecture na nagbibigay ng konsultasyon ukol sa trabaho. Mayroong opisina sa Numazu, Shizuoka, at Hamamatsu. Maaaring kumonsulta ukol sa paghahanap ng trabaho, paghahanap ng angkop na vocational na trabaho, pagtatrabaho, pagsulat ng mga dokumento, at job interview.



Miss. Maria Lina Almeria

School: Shizuoka Prefecture Public High School Graduate
Age: 19yrs old

Q Paano nagsimula ang trabaho mo matapos pumunta sa Hello Work?

A Pumunta ako sa Hello Work bilang payo ng teacher ko sa High School. Ang unang 3 buwan ko ay training. Naaalala ko na noong bata pa ako ay nais kong maging doktor kung kaya't nagkaroon ako ng interes sa trabaho na ito. Mahirap ang training subalit sa 1 buwan na pagsisikap, ay nakapagsimula agad ako ng trabaho.

Q Kamusta ang trabaho mo ngayon?

A Bumibisita ako sa bahay ng mga pasyente upang sila ay ipamili o ipaglinis, at kung minsan ay paliguan din. Sa isang araw ay may 4 na pasyente akong binibisita. Nais ko pa ring mag-aral upang mapabuti ang aking kakayahan.

Pagkatapos ng High School, siya ay kumonsulta sa **Hello Work**(※) kung saan nalaman niya ang tungkol sa caregiver na trabaho niya sa kasalukuyan.

- Lugar na mayroong Vocational Training ※Hello Work
- Kuwalipikasyon at Impormasyon sa Paghahanap ng Trabaho



Mensahe mula sa Magulang 2

Magulang:
Mrs. Pamela Kohatsu



Siya ay dumating sa Japan kasama ang buong pamilya noong 2008. Sa panahon na iyon, mayroon siyang 2 anak na babae na edad 13 years old at 11 years old. Sa kasalukuyan, ang panganay niya ay nasa 3rd year High School at nais magpatuloy sa university o vocational school. Ang ikalawa niyang anak ay 1st yr High School.

Q Mahirap bang magpa-aral sa elementary, Jr High School at High School sa Japan?

A Sa umpisa ay marami akong alinlangan. Sobra ang pag-aalala ko lalo na sa panganay ko na babae dahil Jr High School na siya agad noong unang pumasok at wala kaming gaanong paghahanda. Mayroong panahon na nais niyang tumigil na ng pag-aaral subalit pinayuhan ko siya mabuti upang magpatuloy. Dahil sa alam kong kailangan pa nilang matuto ng Nihongo, ipinasok ko sila sa Nihongo class tuwing Sabado. Sa gastos sa pag-aaral, noong una ay hindi bago ang kanilang gamit at uniform at nakabisikleta silang pumapasok. Noong nagtapos silang Jr High School, nabigyan sila ng scholarship sa tulong ng paaralan kung kaya't hindi na kami gaanong nahirapan sa paghahanda ng mga kagamitan. Kung matututunan ang mga sistema ng suporta dito, hindi ko masasabing mahirap magpaaral dito sa Japan.

Q Ano ang maipapayo mo sa ibang magulang?

A Mahalaga na makinig kayo sa sinasabi ng inyong anak at makipag-usap sa kanila nang mabuti. Kapag sila ay may problema, siguraduhing lagi kayong nandyan para sa kanila. Ang pag-aaral ay kanilang kinabukasan at mahalagang daan upang makamit ang kanilang pangarap.

Interview Video

Ang mga video ng interview para sa guidebook ay maaaring i-access sa QR code na nasa ibaba o tingnan sa Filipino Nagkaisa homepage.



<http://filipinonagkaisa.sitemix.jp/>

GOAL

4

Dahil magkaiba ang pamantayan ng bilang ng taon ng pag-aaral sa atin, ay hindi agad makakapasok sa High School. Kumonsulta sa mga contacts sa ibaba para sa pagkuha ng Entrance Exam.



NPO Filipino Nagkaisa

URL
<http://filipinonagkaisa.sitemix.jp/>
E-Mail
filipinonagkaisa@yahoo.co.jp
TEL (Japanese) 090-9175-8380
TEL (Tagalog) 080-4308-8380

Hamamatsu NPO Network Center

URL
<http://www.n-pocket.jp/>
E-Mail
info@n-pocket.jp
TEL 053-445-3717



Mr. Richard Jacob

Age: 20yrs old

Q Bakit bumalik ka uli sa Japan pagkatapos ng High School?

A Naisip ko na mas maganda ang kinabukasan ko sa Japan. Isa pa, mas gusto kong magkakasama kami ng pamilya ko. Noong una akong dumating dito, hindi ako nakapasok kahit Jr High School man lang kung kaya't bumalik ako sa Pilipinas para magtapos ng High School. Naniniwala akong mahalaga na makapagtapos man lamang ng High School upang mapabuti ang pamumuhay kahit dito sa Japan.

Q Ano ang ginagawa mo sa ngayon?

A Sa umaga, nag-aaral ako sa Japanese Language School nang 5 beses sa 1 linggo. Pagkatapos ay nais kong kumuha ng **Preparation Curriculum**(※) para makapasok sa university o vocational school sa Japan. Nais ko ring kumuha ng Japan Language Proficiency Test N2 at TOEIC. Nais ko pang pagbutihin ang aking skill.

Dumating siya sa Japan noong 15 yrs old na nakatapos ng 3rd year High School sa Pilipinas. Plano niyang ipagpatuloy ang High School sa Japan subalit dahil sa alanganing edad ay bumalik na lamang sa Pilipinas upang tapusin ang High School.

- Pagkakaiba sa Bilang ng Taon ng Pag-aaral sa Japan at Pilipinas



- Jr High School Graduate Qualification Test ※ Preparation Curriculum




Gabay sa Pagpasok ng High School

Pagkakaiba sa Taon ng Pag-aaral sa Japan at Pilipinas


Bilang ng Taon ng Pag-aaral sa Pilipinas



Simula 2012, nagbago ang panuntunan ng edukasyon sa Pilipinas. Ang dating 10 taon ng pag-aaral (6 taon sa Elementary, 4 taon sa High School) ay dinagdagan ng 2 taon upang maging 12 taon. (6 taon sa Elementary, 6 taon sa High School). Tingnan ang detalye sa homepage ng Philippine Department of Education <http://www.deped.gov.ph/>



Bilang ng Taon ng Pag-aaral sa Japan



Pagkakaiba ng Panuntunan ng Edukasyon ng Japan at Pilipinas

Bilang ng Taon sa Elementary·Jr High School·High School

Japan : 6 taon sa Elementary at 3 taon sa Jr High School na may 9 na taong pag-aaral ay mahigpit na ipinapatupad ayon sa batas. Ang susunod ay 3 taon sa High School.

Pilipinas : Nagbago ang panuntunan ng edukasyon ayon sa bilang ng taon ng pag-aaral simula 2012.

Hanggang 2011 : 6 taon sa Elementary at 4 taon sa High School , na may 10 taon na pangkaraniwang bilang ng taon ng pag-aaral.

Mula 2012 : 6 taon sa Elementary, 4 taon sa Jr High School at 2 taon sa High School, na may 12 taon na pangkaraniwang bilang taon ng pag-aaral.

※Unti-unting ipinapatupad ang pagbabago hanggang 2018. Tingnan ang detalye sa homepage ng Philippine Department of Education <http://www.deped.gov.ph/>

Oras ng Pag-aaral sa Paaralan

Sa Pilipinas, mayroong mga paaralan na nahahati sa pang-umaga at panghapon na pasok . Sa Japan, ang lahat ay pumapasok mula umaga hanggang hapon sa elementary at Jr High School.

Pinapasukang Paaralan

Sa public schools sa Japan, ang papasukang Elementary at Jr High School na paaralan ay ayon sa nasasakupang lugar ng tirahan. Dahil sa karaniwang marami ang Public Elementary at Jr High School na paaralan, karamihan ng mga kabataan ay dito pumapasok. Maliban sa iilan, walang gaanong pagkakaiba sa pag-aaral sa public at private na paaralan.

Ukol sa Pagpasok sa High School sa Japan

Upang matanggap sa High School

Kailangang makapasa sa entrance exam bago pumasok ng High School upang matanggap. Ang exam ay sa wikang Nihongo lamang. Kinakailangang marunong ng Nihongo. Tingnan ang detalye sa Page 8

Uri ng High School

3 ang uri ng High School ayon sa oras ng pag-aaral.

Zennichi sei(Regular):

Ang pasok ay mula umaga hanggang hapon.

Teiji sei(Part time Per Year Level, Per Unit):

Panggabi ang pasok.

Tsuushin sei(Correspondence) :

Pipili ng sariling oras ng pasok o home study.

Ukol sa University·College·Vocational School sa Japan

University : Mas malawak ang matututunan na kakayahan. Ito ay karaniwang 4 na taon, at karaniwan ang 6 na taon para sa medisina.

College : Matututunan ang karaniwang kaalaman para sa isang partikular na propesyon. Ito ay karaniwang 2 taon, at karaniwan ang 3 na taon para sa medisina.

Vocational School : Pagsasanay ng hanapbuhay. Ito ay karaniwang 2 taon, at karaniwan ang 3~4 na taon para sa medisina.

※ Upang makatuntong sa University o College, kinakailangang nakatapos ng 12 taon na pag-aaral. Hanggang 2011, ang mga kabataan na nagtapos ng High School sa Pilipinas at pumunta sa Japan, ay kulang pa rin ng 2 taon na pag-aaral. Dahil ang pamantayan sa bilang ng pag-aaral sa Pilipinas hanggang noong isang taon ay kulang ng 2 taon, hindi makapasok sa university o college ang mga kabataan. Kung nais mag-aral, kailangang maipasa ang High School Graduate Qualification Test o pumasok muna ng High School.

Payo sa Pagpasok sa High School

● Halaga ng Tuition, Textbooks, Miscellaneous, at School Lunch (para sa Part time) hanggang makapagtapos

(Halimbawa ng gastusin para sa pasukan noong 2012)

Public School Zennichi sei (Regular)		Public School Teiji sei (Part time)		Private School Zennichi sei (Regular)	
1st Year	200,000yen	1st Year	120,000yen	1st Year	620,000yen
2nd Year	150,000yen	2nd Year	100,000yen	2nd Year	370,000yen
3rd Year	150,000yen	3rd Year	100,000yen	3rd Year	370,000yen
		4th Year	100,000yen		
TOTAL	500,000 yen estimate	TOTAL	420,000 yen estimate	TOTAL	1,360,000 yen estimate

※ Sa 1st Year, kasama na ang gastos sa entrance application, admission, uniform at school fee.

※ Ang gastusin sa Teijisei (Correspondence) ay magbabago ayon sa unit at subjects na kukunin sa pag-aaral.

※ Ang halaga na nakasaad sa itaas ay tantiyang (estimate) halaga lamang. Alamin ang tunay na halaga sa High School na paaralan mismo.

Iba pang gastusin

May karagdagang gastos sa field trip at extra-curricular activities. Alamin ang detalye ukol dito sa paaralan na nais pasukan.

Scholarship

Mayroong sistema na nagpapahiram ng pera para sa pag-aaral ng mga nais magtapos ayon sa halaga ng kita ng pamilya. Ito ay babayaran sa panahon na ang bata ay may trabaho na.

Para sa scholarship, makipag-ugnayan sa Shizuoka Prefecture Ministry of Education

●Kategorya ng Pagpasok sa Public School

● Ippan Senbatsu (General Admission)

Mayroong [Kyotsuu Waku o general requirements] at [Gakkou Sairyuu Waku o per school requirements] sa pagtanggap.

Sa [Kyotsuu Waku], ginagamit ang [survey], [interview], at [academic test] sa pagpili.

Sa [Gakkou Sairyuu Waku], ay binabase sa pagpili ng mag-aaral ayon sa kakayahan sa extra-curricular activities o clubs. Para sa detalye, makipag-ugnayan sa guro ng Jr High School o sa Prefecture Ministry of Education.

● Tokubetsu Senbatsu (Special Admission)

Nakatakda ang mga paaralan na mayroon nito. Ang pagpili dito ay kasabay sa araw ng pagpili ng Ippan Senbatsu kung kaya't pumili lamang kung alin sa dalawa.

Ang [Gaikokujin Seito Senbatsu o Admission of Foreign Students] ay para sa mga mag-aaral na wala pang 3 taon na naninirahan sa Japan kasama ang foreigner na magulang. Ang 4 na requirements ay [survey], [interview], [Basic Japanese Skills Test (kasama na ang basic academics)], at [pag-alam sa kakayahan sa Nihongo at ng pamumuhay sa Japan].

Ang mga paaralan na tumatanggap nito para sa school year 2014 - 2015 ay ang Hamamatsu Higashi Public High School, Tootomisougou Public High School, Enoshima Public High School, Arai Public High School, Ogasa Public High School, Yokosuka Public High School, Susono Public High School, Fujishiritsu Public High School at Surugasougou Public High School. Makipag-ugnayan sa Prefecture Ministry of Education para sa detalye.

●Upang makakuha ng Jr High School·High School Graduate Qualification Certificate

● Chuugakkou Sotsugyou Teido Nintei Shiken (Jr High School Graduate Qualification Test)

Kapag nakapasa rito, maaaring kumuha ng entrance exam ng High School sa Japan. May test sa 5 subjects: Kokugo (Nihongo)·Shakai (Social Studies)·Suugaku (Algebra)·Rika (Science)·Eigo (English). Para sa mga foreigners, maaaring humingi ng test na mayroong hiragana sa bawat Kanji.

Ang test ay ginaganap nang November. Para sa mga nakatira sa Shizuoka Prefecture, ito ay ginaganap sa Shizuoka City.

● Koutou Gakkou Sotsugyou Teido Nintei Shiken (High School Graduate Qualification Test)

Kapag nakapasa, maaaring kumuha ng entrance exam sa university o college sa Japan. Maaari itong gamitin sa paghahanap ng trabaho o mapapasukang paaralan. Ang test ay ginaganap 2 beses sa isang taon tuwing August at December.

● Junbi Kyouiku Katei (Preparation Curriculum Para sa Pagpasok sa University·College·Vocational School)

Upang makapasok sa university, college o vocational school, kinakailangan ang kumpletong 12 taon ng pag-aaral. Kung hindi ito nakumpleto, kailangan kumuha ng Preparation Curriculum. Mayroong 2 paaralan sa Shizuoka City na nagbibigay ng kursong ito.

Payo sa Paghahanap ng Trabaho

●LUGAR SA PAGHAHANAP NG TRABAHO

[HELLO WORK]

Ito ang ahensya ng bansa na nagpapakilala ng mapapasukan para sa mga naghahanap ng trabaho. Mayroong 18 opisina sa loob ng Shizuoka Prefecture. Ang opisina Lunes - Biyernes ay 8:30am - 5:15pm.

● SERBISYONG MAAARING IBIGAY NG HELLO WORK

- Payo sa Paghahanap ng Trabaho · Pagpapakilala ng Mapapasukan na Trabaho
- Payo ukol sa Pagtatrabaho
- Libreng Seminar
- Paghahanap ng Trabaho

● Foreign Employment Service Center

Ang maaasahan na tanggapan para sa mga Nikeljin o iba pang dayuhan na hindi gaanong nakakaintindi ng Nihongo na naghahanap ng trabaho ay ang [Foreign Employment Service Center]. Mayroong 7 tanggapan ito sa Hello Work sa Shizuoka Prefecture (Numazu City, Fuji City, Shizuoka City, Shimizu City, Kakegawa City, Iwata City, Hamamatsu City). Mayroong mga dokumento sa English na ipinamimigay sa Numazu City at Kakegawa City.

[Shizuoka Job Station]

Ito ang ahensya sa loob ng Shizuoka Prefecture na nagbibigay ng konsultasyon ukol sa trabaho. Mayroong opisina sa Numazu, Shizuoka, at Hamamatsu. Maaaring kumunsulta ukol sa paghahanap ng trabaho, angkop sa paghahanap ng vocational na trabaho, pagtatrabaho, pagsulat sa mga dokumento, at job interview. Ang opisina Lunes - Biyernes ay 9:00am - 5:00pm

●MGA LUGAR PARA SA VOCATIONAL TRAINING

● Techno College Shizuoka Prefecture Technical Training

Sa Numazu, Shimizu at Hamamatsu. Kung saan binibigyan sila ng pagsasanay sa teknolohiya at propesyon upang maging handa sa trabaho. Mayroong engineering course at architectural course para sa mga kabataan. Mayroong exam sa Math at interview bago pumasok, na aabot sa ¥118,800 ang tuition fee.

Sa Hamamatsu, mayroong short-term course para sa mga dayuhan tulad ng computer skills at job training.

● Nikkeijin Job Training

Nagtuturo sila sa mga dayuhan na hindi gaanong nakakaintindi ng Nihongo ukol sa Labor Law at Regulations, kundisyon ng trabaho at mga insurance. Ito ay 120 oras sa loob ng 3 - 6 na buwan. Makipag-ugnayan sa Hello Work sa inyong lugar ukol dito.

●Certificate na Magagamit sa Pag-aaral·Trabaho

● Japan Language Proficiency Test

Ito ang exam na basehan ng kakayahan sa Nihongo. Mayroong N5 - N1, kung saan ang N1 ang pinakamahirap na test. Mayroon nito 2 beses sa 1 taon, tuwing July at December. Ang nakapasa ng N1 at N2 ay itinuturing na nakapasa na rin ng [Jr High School Graduate Qualification Test] para sa Aralin ng Kokugo (Wika).

Higit na mabuti kung magkakaroon ng N2 pataas, para sa pagpasok sa paaralan o trabaho. Mas lalawak din ang pagkakataon na makahanap ng trabaho kahit sa ibang bansa.

● Japanese Kanji Proficiency Test

Ito ang exam na basehan ng kakayahan sa Japanese Kanji. Mayroong Level 10 - Level 1. Ang Level 1 ang pinakamahirap. Tatlong beses sa 1 taon ito ginaganap. Higit na magagamit ito para sa pagpasok sa High School o University. Sinusukat din nito ang kakayahan sa Nihongo kung kaya't magagamit din ito.

● Practical English Skills Test (Eiken)

Ito ay matagal nang exam sa Japan na basehan ng kakayahan sa English. Mayroong Level mula 5 - 1. Ang Level 1 ang pinakamahirap. Ginaganap ito 3 beses sa 1 taon. Kadalasang ginagamit ito sa pagpasok sa college, university at lalo pa sa medical school.

● TOEIC (Test of English for International Communication)

Ito ang exam na ginagamit sa buong mundo na basehan ng kakayahan sa English. Ginaganap ito 9 na beses sa 1 taon. Ang puntos na 730 pataas ang nagpapatunay ng mataas na antas sa English communication at magagamit sa trabaho.